

Ang Pinagmumulan ng Kaligtasan

(Pambungad na Panalangin, pahina ii)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Is 66:18-21)

ITO ang sinasabi ng Panginoon:

¹⁸“Nalalaman ko ang iniisip nila at mga ginagawa. Darating ako upang tipunin ang **lahat ng bansa**, at mga taong iba’t iba ang wika. Malalaman nila kung gaano ako kadakila. ¹⁹Malalaman din nilang ako ang nagpaparusa sa kanila. Ngunit magtitira ako ng ilan upang ipadala sa iba’t ibang bansa. Susuguin ko sila sa Tarsis, sa Pul at sa Lydia, mga dakong sanay sa paggamit ng pana. Magsusugo rin ako sa Tubal at Javan, at sa mga baybaying hindi pa ako nababalita sa aking kabantugan. Ipahahayag nila sa lahat ng bansa kung gaano ako kadakila. ²⁰Bilang handog sa akin sa banal na bundok sa Jerusalem, ibabalik nila ang mga kababayan ninyo buhat sa pinagtapunan sa kanila. Sila’y darating na sakay ng mga kabayo, asno, kamelyo, karwahe at kariton, tulad ng pagdadala ng mga handog na butil sa Templo, nakalagay sa malilinis na sisidlan. ²¹Ang ilan sa kanila ay gagawin kong saserdote at ang ilan ay Levita.

Tema: Ang mga Bansa

PAGPAPALIWANAG

- Itinutuon ng Panginoon ang kanyang atensyon sa mga bansa.
- Ang mga bansang binabanggit ay hindi mga Israelita.
- Alam ng Panginoon ang kanilang mga ginagawa at iniisip (b.18).
- Inaanyayahan sila ng Panginoon na makita nila ang kanyang kadakilaan.
- Sa b.19, ang Panginoon ay magpapadala ng mga bilango sa mga bansa mula sa kanila.
- Ang mga malalayong lugar sa kadagatan ay kinilala dito bilang pamilyar sa kanila noong panahong iyon pero hindi nila kilala ang Diyos. Ipapakilala ng mga natipong bansa ang kadakilaan ng Panginoon.



- Ang b.20 ay tumutukoy sa mga maaaring gamitin na transportasyon para dalhin ang mga tao sa Jerusalem katulad ng paraan ng mga Israelita.
- Sa b.21 makikita ang mga pribilehiyong ibibigay ng Panginoon.

PAGNINILAY

Nagpapakita na ang kaligtasang hatid ng Panginoon ay para sa lahat. Ang mga bansa ay tinawag din ng Panginoon para makita ang kanyang kadakilaan.

SALMONG TUGUNAN (Slm 117: 1-2)

**HUMAYO’T DALHIN SA TANAN
MABUTING BALITANG ARAL.**

IKALAWANG PAGBASA (Heb 12:5-7, 11-13)

⁵Nalimutan na ba ninyo ang pangaral ng Diyos sa inyo bilang mga anak niya—mga salitang nagpapalakas ng loob ninyo?

“Anak, huwag kang magwalang-bahala kapag **itinutuwid ka ng Panginoon**, at huwag panghinaan ng loob kapag ikaw ay pinarurusahan niya. ⁶Sapagkat pinarurusahan ng Panginoon ang mga iniibig niya, at pinapalo ang itinuturing niyang anak.”

⁷Tiisin ninyo ang lahat bilang pagtutuwid ng isang ama, sapagkat ito’y nagpapakilalang kayo’y inaari ng Diyos na kanyang mga anak. Sinong anak ang hindi itinuwid ng kanyang ama?

¹¹Habang tayo’y itinutuwid hindi tayo natutuwa kundi naghihinagpis. Ngunit pagkaraan niyon, lalapas tayo ng kapayapaang bunga ng matuwid na pamumuhay.

¹²Kaya’t palakasin ninyo ang inyong lupaypay na katawan at tipunin ang nalalabi pang lakas!

¹³Lumakad kayo sa daang matuwid upang hindi tuluyang mapilay, kundi gumaling ang paang nalinsad.

Tema : **Disiplina**

PAGPAPALIWANAG

- Nakakatawag-pansin ang mga salita ng Pagbasa tulad ng: huwag magwalang-bahala, huwag panghinaan ng loob, tiisin ang mga pagtutuwid, at lumakad sa daang matuwid.
- Ang pinakapunto ng mga salitang ito ay ang pagtanggap sa pagtutuwid sa atin ng Panginoon.
- Ang mga dahilan ng pagtutuwid:
 - Dahil iniibig at kinikilala ka ng Panginoon (b.6)
 - Dahil itinuturing at inaari ka bilang kanyang anak (b.7)
 - Dahil ang disiplina ay nagdadala ng kapayapaan (b.11)

PAGNINILAY

Ang Panginoon ay isang mabuting magulang. Hindi niya hinahayaan na tumigas ang ulo ng kanyang mga anak.

MABUTING BALITA (Lc 13:22-30)

NOONG panahong iyon, ²²nagpatuloy si Hesus sa kanyang paglalakbay. Siya’y nagtuturo sa bawat bayan at nayon na kanyang dinaraan patungong Jerusalem. ²³May isang nagtanong sa kanya, “Ginoo, kakaunti po ba ang maliligtas?” Sinabi niya, ²⁴“Pagsikapan ninyong pumasok sa makipot na pintuan. Sinasabi ko sa inyo, **marami ang magpipilit na pumasok ngunit hindi makapapasok.**

²⁵“Kapag ang pinto’y isinara na ng puno ng sambahayan, magtitiis kayong nakatayo sa labas, at katok nang katok. Sasabihin ninyo, ‘Panginoon, papasukin po ninyo kami.’ Sasagutin niya kayo, ‘Hindi ko alam kung tagasaan kayo!’” ²⁶At sasabihin ninyo, ‘Kumain po kami at uminom na kasalo ninyo, at nagturo pa kayo sa mga lansangan namin.’

²⁷Sasabihin naman ng Panginoon, ‘Hindi ko alam kung tagasaan kayo! Lumayo kayo sa akin, kayong lahat na nagsisigawa ng masama!’” ²⁸Tatangis kayo at magngangalit ang inyong ngipin kapag nakita ninyong nasa kaharian ng Diyos sina Abraham, Isaac at Jacob, at ang lahat ng propeta, at kayo nama’y ipinagtabuyan sa labas!” ²⁹At **darating ang mga tao buhat sa silangan at kanluran, sa hilaga at timog, at dudulog sa hapag sa kaharian ng Diyos.** ³⁰Tunay ngang may nahuhuling mauuna, at may nauunang mahuhuli.

Tema: **Sinu-sino ang Itinakdang Maliligtas?**

PAGPAPALIWANAG

- Ang Ebanghelyo ngayon ay nabibilang sa mga tala ni Lucas tungkol sa mahabang paglalakbay.
- Si Hesus ay papunta sa Jerusalem pagkatapos ng kanyang pangangalal sa Galilea.
- Habang nasa paglalakbay, nakilala niya ang iba’t-ibang uri ng mga tao na may iba’t ibang uri rin na mga problema.
- Sa b.23, bakit nagtatanong ang iba kung gaano kaunti ang mga taong maliligtas? Ano ang sinabi ni Hesus? (Ang talinghaga tungkol sa butil ng mustasa, lebadura at ang kaugnayan nito sa kaharian ng Diyos, ang pagpapagalang ng isang babaeng hukot sa araw ng pamamahinga)
- Hindi masyadong pinansin ni Hesus ang tanong. Sa halip, mas pinagtuunan niya ang taong nagtanong at sinabihan niya, “Pagsikapan ninyong pumasok sa makipot na pintuan...” Para bang sinasabi ni Hesus na “Gawin mo ito upang makasama ka sa mga maliligtas at maging matatag ka.”
- Sinundan ng isang talinhaga ang mga salita ni Hesus na nagpapakita ng kahalagahan ng pagpasok sa pintuan ng Panginoon. Si Hesus ay hindi nagbubukas ng pinto sa mga masasamang loob. Ang masasamang loob ay iyong mga taong kasamang kumakain, uminom at tinuturuan ni Hesus ngunit hindi nagbabago at gumagawa ng mabuti.
- Sa b.27, hindi kinikilala ni Hesus yaong gumagawa ng masama. Sila ay hindi nababagay sa kaharian ng Panginoon. Hindi sila naging seryoso sa mga turo ni Hesus.
- Sa b. 28, ang parusa sa mga masasamang loob ay puno ng pagtangis at pangangalit ng ngipin. Kinailangang sabihin iyon upang balaan ang mga tao. Sa ating katesismo at mga homiliya, hindi natin madalas naririnig ang parusa sa

- masasamang loob.
- Sa b. 28, ng mga masasamang loob ay makaka-ramdam ng inggit kina Abraham, Isaac, Jacob at sa lahat ng mga propeta na nakapasok sa pintuan samantalang sila ay tinanggihan ng puno ng sambahayan.
 - Ang mga mapagbigay mula sa bawat sulok ng mundo ay makikisalo sa hapag ng kaharian ng Diyos. Malaki ang pabuya sa mga gumagawa ng mabuti.
 - Ang mga salita sa b.30 ay nagpapatunay na ang pagliligtas ay para sa mga taimtim na nakikinig at gumagawa ng mga ninanais ng Diyos kahit na huli nang kanila itong maintindihan. Kaawa-awa ang mga taong umaapela kay Hesus. Ang pagliligtas ay hindi isang barkadahan.

PAGNINILAY

Ang isang Kristiyano ay dapat makasisiguro na papasukin niya ang makipot na pintuan. Hindi sigurado ang kaligtasan kapag kumakain ka at umiinom kasama ni Kristo. Ang pagsama kay Kristo ay dapat magbunga ng mabubuting gawa.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tungkol sa mga bansang makakakita ng kadakilaan ng Panginoon (= Kaligtasan)

Ang Ikalawang Pagbasa ay tungkol sa disiplina (= para maligtas).

Tungkol naman sa kung paano makakamit ang kaligtasan ang ating Ebanghelyo.

Gabay sa pagbuo ng Homiliya/Pagbabahagi

Simulan sa pagtalakay ng kahulugan ng kaligtasan para sa iyo.

Ang kaligtasan ba ay trabaho, pera, magandang relasyon, seguridad, kalayaan, atbp.

Paano natin makakamit ang kaligtasan?

Sa Unang Pagbasa, kailangan nating maintindihan na ang kaligtasan ay para sa lahat. Hindi ito para lamang sa iilan.

Lahat tayo ay iniimbitahan para makita ang kadakilaan ng Panginoon. Ang kailangan lang natin gawin ay tumugon at maging responsable para sa iba.

Sa Ikalawang Pagbasa, makakamit lang natin

ang kaligtasan kung hahayaan natin ang ating mga sarili na madisiplina o maituwid. Tayong lahat ay inaanyayahan na magpaubaya sa disiplina ng Diyos. Hindi dapat tayo magmataas kapag tayo ay itinatama. Maging mapagkumbaba tayo na aminin ang ating mga kasalanan kapag itinuro ito sa atin ng iba.

Hinihiling ng Ebanghelyo na pasukin ng bawat Kristiyano ang makipot na daan.

Ang daan patungo sa kaligtasan ay hindi madali. Ang makipot na daan ay ang paggawa ng mabuti.

Maaari mo bang sabihin ang mga nagawa mong mabuti?

Pagtulong sa mga mahihirap, pagbisita sa may sakit at nasa bilangguan, pagtuturo ng katesismo sa mga bata, mga gawa ng awa, atbp.

Kung wala kang maisip na kahit ano, isa ka siguro sa mga gumagawa ng masama. Kabilang ka siguro sa mga taong kumakatok ngunit hindi pinagbuksan.

Ang isang Kristiyano ay hindi dapat nagkakalimot na gumawa ng mabuti.

Pera, oras at lakas ay hindi dapat gamitin sa walang mga kwentang gawain.

Sa ating komunidad at mga parokya, gaano tayo gumagamit ng oras sa pag-iisip, pagpapalano at pagpapatupad ng programa para sa ikabubuti ng ating mga kapatid?

Ikaw ba ay kasali sa mga ibang paraan tulad ng *social work* at pagtuturo ng pananampalataya?

Tinuturuan tayo ng Eukaristiya na tignan ang ibang tao at hindi lamang ang buhay natin. Binigay ni Hesus ang kanyang buong sarili para sa ating kaligtasan. Sa Eukaristiya, alam ni Hesus na sa kanya lang manggagaling ang kaligtasan.

III. SALAMIN NG BUHAY

Ang kaligtasan ay ...

Ano ang mga kongkretong tanda na ang isang tao ay nailigtas?

Ang bawat Kristiyano ay kailangan ng isang oras ng pagdarasal bawat araw. Maliban kapag siya ay maraming ginagawa; kailangan niya ng dalawang oras. (HM)

(*Pangwakas na Panalangin, pahina ii*)

Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan , OFM**
Isinalin ni John Cyrus O. Goco